

Pakikilaban sa Espirituwal Yugto 1

“8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan.” (1 Pedro 5:8-9 KJV)

Nilikha ng Dios ang isang magandang, banal, at makapangyarihang anghel na si Lucifer; isa siya sa mga pinakamaganda, minamahal, at iginagalang na nilalang sa Langit. Itinaas siya sa isa sa mga pinaka-kilalang at makapangyarihang posisyon sa buong dakilang lipunan ng mga nilalang sa Langit. Ngunit nang sinuway niya ang Dios at nais maging higit sa Dios, itinaas siya ng Panginoon sa lupa gaya ng mababasa natin dito: ***“12 Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa!” (Isaias 14:12 KJV)*** Sinabi ni Lucifer o Satanas sa kanyang puso, ***“13 At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan: 14 Ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataastaasan.” (Isaias 14:13 KJV)*** Limang beses sinabi sa kanyang puso, ***“Ako'y”***, dahil may ego, kayabangan at pagmamalaki siya sa sarili, kaya itinaas siya ng Dios sa lupa at inilagay siya sa impiyerno, ***“15 Gayon ma'y mabababa ka sa Sheol, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hukay.” (Isaias 14:15 KJV)***

Ang kapalaluan ang pinakamahalagang pinanghahawakan na magagamit ni Satanas para pumasok sa ating buhay at sirain tayo. Ang kayabangan ng tao ang nagiging dahilan para siya'y magyabang, magmalaki at magpasikat. Ito ay kabaligtaran ng kababaang-loob at pagpapakumbaba na nais makita ng Dios sa ating buhay, gaya ng nakasulat, ***“6 Nguni't siya'y nagbibigay ng lalong biyaya. Kaya't sinasabi ng kasulatan, Ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.” (Santiago 4:6 KJV)*** Ang biyaya ng Dios ay sasaiyo hangga't tayo ay mapagpakumbaba, at walang kayabangan sa ating puso. Ang ego at kayabangan sa ating personalidad at ugali ay mag-aanyaya sa diyablo na pumasok at sirain ang ating buhay. Nang ibagsak si Satanas, ang diyablo, inakit niya ang tao na magkasala laban sa Dios. Inakit niya sina Eva at Adan na kumain mula sa puno na ipinagbawal ng Dios sa kanila, at mula doon nagsimula ang salaysay ng pagbagsak ng tao gaya ng ating binabasa. ***“1 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?” (Genesis 3:1 KJV)*** sinabi ni Satanas sa babae, ***“Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?”*** Ang paraan ng panlilinlang ni Satanas ay subukang maliitin at pahinain ang katotohanan ng Salita ng Dios upang maging madali kang mahulog sa tukso at magkasala laban sa Dios. Sumagot ang babae kay Satanas, ***“2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: 3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.” (Genesis 3:2-3 KJV)*** Ngunit basahin natin kung ano ang sinagot ni Satanas. ***“4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama.” (Genesis 3:4-5 KJV)*** Dahil sa sagot na ito ni Satanas, nayanig ang tiwala ng babae sa Dios at sa Kanyang Salita, kahit malinaw namang sinabi sa kanila ng Dios ang Kanyang Salita, ***“16 At iniutos ng PANGINOONG Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may Kalayaan: 17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.” (Genesis 2:16-17 KJV)***

Batid nina Eva at Adan ang Salita ng Dios ngunit ang nangyari ay dumating ang diyablo at kinuha ang Salita mula sa kanilang mga puso: ***“12 At ang mga sa tabi ng daan, ay ang nangakinig; kung magkagayo'y dumarating ang diablo, at inaalang salita sa kanilang puso, upang huwag silang magsisampalataya at mangaligtas.” (Lucas 8:12 KJV)*** Narinig nina Eva at Adan ng Salita ng Dios ngunit sa gayo'y hindi sila naniniwala sa sinabi ng Dios; sumuway sila sa Dios at nawala sa kanila ang lugar nila sa paraiso. Isang mahalagang punto na kailangan nating bigyang-diin dito, ang pananagutan sa pagsuway sa Dios ay pananagutan nina Adan at Eva, hindi pananagutan ni Satanas. Pinili nila sa pamamagitan ng kanilang malayang kalooban na magkasala laban sa Dios. Walang sinuman ang nagpumilit sa kanila na magkasala. Basahin natin kung ano ang kanilang ginawa, ***“6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapatang sa tao, ay pumitas siya ng bunga***

niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. 7 At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.” (Genesis 3:6-7 KJV) Kitang-kita natin na may malayang pagpapasya silang huwag magkasala laban sa Dios, pero ang kanilang kapalaluan na maging katulad ng Dios ang naging dahilan kung bakit sila naging madaling lokohin at tuksuhin ni Satanas.

Hindi ang Dios ang may pananagutan sa kanilang kasalanan ni Siya ang nagtukso sa kanila. **“13 Huwag sabihin ng sinoman pagka siya'y tinutukso, Ako'y tinutukso ng Dios; sapagka't ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man: 14 Kundi ang bawa't tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat. 15 Kung magkagayo'y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan: at ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan.” (Santiago 1:13-15 KJV)** Bilang bunga ng kanilang kasalanan laban sa Dios, naputol ang kanilang ugnayan sa Dios at ang pakikipamuhay nila sa Kanya. Bukod pa rito, may mga sumpa rin sa kanila dahil sa kanilang pagsuway at ganito ang mga sumunod na bagay:

1. Sa babae sinabi ng Dios: “16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo.” (Genesis 3:16 KJV)

2. Kay Adam sinabi ng Dios: “17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; 18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; 19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.” (Genesis 3:17-19 KJV)

Sinumpa ng Dios ang ahas at naglagay Siya ng alitan sa pagitan ng babae at ng ahas, pati na rin sa pagitan ng binhi ng babae at binhi ng ahas gaya ng mababasa natin dito: **“14 At sinabi ng PANGINOONG Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: 15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong.” (Genesis 3:14-15 KJV)** Ipinangako ng Dios na isa sa magiging anak ng babae ang dudurog sa ulo ng ahas, ang diyablo. Totoo, natupad iyon nang ipadala ng Dios ang Kanyang Anak na si Jesus na ipanganak mula sa Birheng Maria. Namatay si Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ang nagbayad ng halaga para sa kasalanan ng buong sangkatauhan. Dahil sa kasalanan ni Adam pumasok ang kamatayan sa mundo, ngunit dahil kay JesuCristo naibalik ang buhay na walang hanggan sa sangkatauhan. Natalo ni Jesus ang diyablo sa krus, **“14 Na nangalibing na kalakip niya sa bautismo, na kayo nama'y muling binuhay na kalakip niya, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagawa ng Dios, na muling bumangon sa kaniya sa mga patay. 13 At nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan, at sa di pagtutuli ng inyong laman ay kaniyang binuhay kayo na kalakip niya, na ipinatawad sa atin ang ating lahat na mga kasalanan: 14 Na pinawi ang usapang nasusulat sa mga palatuntunan laban sa atin, na hindi naayon sa atin: at ito'y kaniyang inalis, na ipinako sa krus; 15 Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag na kahihyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay na ito.” (Colosas 2:14-15 KJV)** Pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus sa krus, siya ay inilibing ngunit muling nabuhay noong ikatlong araw upang magbigay ng buhay na walang hanggan sa mga naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga yapak sa kanilang buhay.

Hindi madaling makipagharap sa diyablo, pero tinuturo sa atin ng Salita ng Dios kung paano maunawaan at matuklasan ang kanyang mga plano at kung paano ito labanan. Sa kanyang sulat sa simbahan ng Dios sa Corinto, pinaalalahanan sila ni Pablo tungkol dito nang ibigay niya sa kanila ang ilang tagubilin kung paano harapin ang isang nagsisisi na kapatid at kung paano patawarin at tanggapin sila; sinabi niya sa kanila, **“6 Sukat na sa gayon ang kaparusahang ito na ipinarusa ng marami;” (2 Corinto 2:6 KJV)** Ang utos na iyon ay para maiwasan ang mapaminsalang plano ng diyablo gaya ng ating mababasa; **“11 Upang huwag kaming malamangan ni Satanas: sapagka't kami ay hindi hangal sa kaniyang mga lalang.” (2 Corinto 2:11 KJV)** **Maaaring lituhin tayo ng diyablo at bigyan tayo ng palagay na tama ang ating ginagawa kahit na nasa maling landas tayo.**

Basahin natin ang sumusunod na talata mula sa Bibliya para mas maunawaan natin ang mga pakana at paraan ng diyablo: **“13 Nang dumating nga si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipino, ay itinanong niya sa kaniyang**

mga alagad, na sinasabi, Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao? 14 At kanilang sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta. 15 Kaniyang sinabi sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako? 16 At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay. 17 At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit. 18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya. 19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. 20 Nang magkagayo'y ipinagbilin niya sa mga alagad na huwag sabihin kanino man na siya ang Cristo. 21 Mula ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw. 22 At isinama siya ni Pedro, at nagpasimulang siya'y pinagwikaan, na nagsasabi, Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo. 23 Datapuwa't lumingon siya, at sinabi kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao.” (Mateo 16:13-23 KJV)

Ang natuklasan namin dito ay tinanong ni Jesus kung ano ang sinasabi ng mga tao na kung sino, ang Anak ng Tao? Nakakuha Siya ng iba't ibang sagot pero sa huli ay sumagot ng tama si Simon Pedro, ***“Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay.”*** Totoong pinuri ni Jesus si Pedro dahil iyon ay isang tunay na pahayag mula sa Langit sa kanya. Kaya naman, dahil dito, ipinangako ni Jesus kay Pedro na gagamitin Siya para itayo ang Kanyang simbahan tulad ng mababasa natin dito, ***“18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.” (Mateo 16:18 KJV)*** At binigyan ni Jesus si Pedro ng kapangyarihan gayundin gaya ng pagbibigay Niya ng kapangyarihan sa mga pinagkatiwalaan Niya ng Kanyang simbahan.

Ngunit nang sinimulang ipaliwanag ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang plano ng Dios para sa Kanya na kailangan Niyang pumunta sa Jerusalem upang magdusa at mamatay at sa ikatlong araw ay muling mabuhay, nakatanggap Siya ng ibang tugon tulad ng mababasa natin, ***“22 At isinama siya ni Pedro, at nagpasimulang siya'y pinagwikaan, na nagsasabi, Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo.” (Mateo 16:22 KJV)***

Ngayon, sa unang sapantaha na makikita natin na mahal ni Peter si Jesus at iyon ang dahilan kung bakit siya nagalit, dahil ayaw niyang magdusa at mamatay si Jesus. Pero basahin natin ang sagot ni Jesus sa kanya. ***“23 Datapuwa't lumingon siya, at sinabi kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao.” (Mateo 16:23)***

Ngayon, mahal na mahal ni Pedro si Jesus at ang kanyang damdamin ay kasama ni Jesus, pero ang sinabi niya kay Jesus ay hindi kalooban ng Dios o plano ng Dios. Kung ang Panginoong JesuCristo ay hindi magdaranas at mamamatay sa krus, walang kaligtasan at walang buhay na walang hanggan para sa sangkatauhan. Ang Kanyang kamatayan sa krus ay kinakailangan para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. At ang Kanyang pagkabuhay na maguli mula sa kamatayan ang nagdala ng pag-asa ng kaligtasan sa lahat ng tao, gaya ng mababasa natin dito, ***“11 Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.” (Roma 8:11 KJV)***

Kaya ang sinabi ni Pedro kay Jesus nang tumanggi siya na si Jesus ay magdaranas at mamamatay ay hindi mula sa Dios kundi mula sa diyablo. Hindi mula sa karunungan ng Dios ang sinabi ni Pedro. At dito gusto naming ituro na may dalawang uri ng karunungan, ang isa ay mula sa Langit at mula sa Dios, pero ang isa ay hindi. ***“15 Hindi ito ang karunungan bumababa mula sa itaas, kundi ang nauukol sa lupa, sa laman, sa diablo.” (Santiago 3:15 KJV)***

A. Makamundon karunungan: Ang karunungan ito ay nagmumula sa mundo; kung ano ang ginagawa at sinusunod ng mga tao. Ngunit sino ang nagsasabi na tama ang ginagawa ng mga tao? Maraming tao ang sumusunod ng bulag sa iba nang hindi pinag-aaralan ang Salita ng Dios o sinusubukang alamin ang kalooban ng Dios at Kanyang plano sa kanilang buhay. Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios na huwag makibahagi sa mga kasalanan ng iba. ***Pakiusap, huwag sumunod sa karamihan sa paggawa ng mali. At huwag matakot sabihing,***

'Hindi' sa mga kaugalian, kaugaliang nakasanayan, o tradisyon ng mga tao. Gawin ang mga bagay na makakapagpasaya sa Dios at hindi sa tao.

B. Senswal na karunungan: Si Pedro sa sinabi niya kay Jesus kahit mukhang mabuti, ngunit iyon ay hindi ang tunay na pag-ibig ng Dios, kundi iyon ay emosyonal na pag-ibig. At ang emosyonal na senswal na pag-ibig, maraming tao ang namumuhay sa pamamagitan ng pagsasanay nito pero ito ay emosyonal at hangal na pag-ibig. Ito ay sirang pag-ibig. Maaaring sirain ng mga magulang ang kanilang mga anak kung hindi nila disiplinahan ang mga ito. Masisira at mabubuwig ang mga pamilya kung susundin ng asawa ang kanilang emosyon at hindi ang Salita ng Dios sa kanilang buhay. **Maraming tao ang nagsasanay ng maling pag-ibig, pero hindi ang tunay na pag-ibig ng Dios. Pinapayuhan ka namin dito, 'Huwag kang maging isa sa kanila.'**

C. Mapanlinlang na karunungan: Si Satanas ay tuso, kayang gumawa ng bagay na halos katulad ng orihinal para madaya ka. **"1 Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio." (1 Timoteo 4:1 KJV)** **Huwag mong hayaang lokohin ka ng mga demonyo o ilayo ka mula sa tunay na pananampalataya kay Cristo Jesus na ating Panginoon.**

Kaya kailangan nating maging maingat sa ating sinasabi: **"2 Sapagka't sa maraming mga bagay tayong lahat ay nangatitisd. Kung ang sinoman ay hindi natitisd sa salita, ay isang taong sakdal ang gayon, may kaya rin namang makapigil ng buong katawan." (Santiago 3:2 KJV)** Ang dila ay isa sa mga bahagi ng katawan na maaaring gamitin nang malakas upang luwalhatiin ang Dios. Maaari nating gamitin ang dila upang magsabi ng katotohanan at ilarawan nang eksakto kung ano ang kalooban ng Dios, ang Kanyang plano, at kung ano ang itinuturo sa atin ng Kanyang Salita. Gayundin, ang dila ay maaaring gamitin upang ipahayag ang Salita ng Dios, ang Kanyang mga kababalaan at kapangyarihan sa iba.

Ang dila ay dapat gamitin upang ipahayag ang magandang balita ni Jesus sa iba; ang plano ng kaligtasan, na ginawang posible ng Dios para sa sangkatauhan na marating ang Langit at makasama Siya magpakailanman. Sinabi sa atin ng Salita ng Dios ang mga sinabi ng Panginoong Jesucristo, **"7 Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin: 8 Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso. 9 Ako'y nagpahayag ng mabuting balita ng katuwiran sa dakilang kapisanan; narito, hindi ko pipigilin ang aking mga labi, Oh PANGINOON, iyong nalalaman. 10 Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa loob ng aking puso; aking ibinalita ang iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas: hindi ko inilihim ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan sa dakilang kapisanan." (Awit 40:7-10 KJV)** At sa ibang dako, **"22 Aking ipahahayag ang iyong pangalan sa aking mga kapatid: sa gitna ng kapulungan ay pupurihin kita." (Awit 22:22 KJV)** Malinaw nating nakikita na ginamit ng Panginoong Jesu-Cristo ang Kanyang bibig at mga labi upang ipahayag ang Salita ng Dios at ang Kanyang katuwiran sa iba. Maaaring gamitin ang dila sa mabisang paraan upang luwalhatiin ang Dios. Ngunit maaari rin itong magamit sa maling paraan ni Satanas upang makapagdulot ng pinsala sa sarili ng tao at sa mga tao sa paligid niya at sa huli, sa Dios. Halina't tingnan natin ngayon ang ilang mga Kasulatan upang magbigay babala at matutunan kung anong mga maling paggamit ng dila ang dapat nating iwasan sa ating buhay at ministeryo.

1. "11 Huwag kayong magnanakaw; ni magdadaya, ni magsisinungaling ang sinoman sa iba." (Levitico 19:11 KJV) Ang pagsisinungaling ay ang talasalitaan ni Satanas. Si Satanas ay sinungaling at ang ama ng mga kasinungalingan. **Kung magsisinungaling ka, magiging isa ka sa mga anak ni Satanas.** Sinabi ni Panginoong Jesu-Cristo sa mga tutol sa Kanya at hindi naniwala sa Kanya, **"44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:44 KJV)** **Maliit na kasinungalingan man o malaking kasinungalingan, pareho lang; magdudulot ito ng kapahamakan sa inyong buhay at sa buhay ng ibang tao sa paligid mo.**

2. "16 Huwag kayong maghahatid dumapit sa inyong bayan, ni titindi laban sa duغو ng inyong kapuwa: ako ang PANGINOON." (Levitico 19:16 KJV) Ang paninira o pagbabalita ng hindi maganda tungkol sa iba. Ito ay ang pagsasabi ng bagay na hindi totoo tungkol sa isang tao. Para itong kutsilyo na tinutusok sa likod. Ginagamit ito ni Satanas upang magdala ng kapahamakan sa komunidad ng mga mananampalataya. Basahin natin kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios, **"15 Nguni't kung kayo-kayo rin ang nangagkakagatan at nangagsasakmalan, magsipagingat kayo na baka kayo'y mangaglipulan sa isa't isa." (Galacia 5:15 KJV)**

Ang ibig sabihin dito sa pagnunguya at pagkain sa isa't isa ay hindi ang pisikal na paggamit ng mga ngipin, kundi ang paggamit ng mapanlinlang na mga labi at tusong mga dila. Itinuturo sa atin ng Salita ng Dios na mayroong anim na uri na hindi dapat makita sa mga mananampalataya sa simbahan, at ito ay ayon sa mga sumusunod: **“11 Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diosdiosan, o mapagtungyaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo.”** (1 Corinto 5:11 KJV) Ang isang mapagtungyaw dito ay isa sa mga uri ng mga taong hindi dapat naroroon sa loob ng simbahan, at parang isang maninira na nagsasalita ng masama tungkol sa ibang tao at iniuugnay sila sa mga maling bagay na hindi nila ginawa.

3. “10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi.” (Pahayag 12:10 KJV) Si Satanas ang tagahusga na nagdadala ng maling paratang laban sa iyo at laban sa iba. * Kailangan mong maging maingat tungkol dito. May mga pagkakataon na hindi ang Banal na Espiritu ang nakikipag-usap sa iyo kundi ang masasamang espiritu, demonyo, at si Satanas, na nakikipag-usap sa iyo at inilalagay sa isipan mo ang mali o maling kaisipan at ideya. Maaari rin itong maging paratang sa isang bagay na ginawa mong tama at susubukan kang itulak ni Satanas na gawin ang mali. * Kailangan mong timbangin ang iyong naririnig ayon sa Salita ng Dios. Kung ang naririnig mo ay hindi naaayon sa Salita ng Dios, isipin mo ito bilang isang kaisipan mula kay Satanas at tanggihan ito sa paraan na nagsasabi ka, **‘Tinatanggihan ko ang kaisipang ito sa pangalan ni Jesus.’** * Maging maingat din na maaaring makipag-usap sa iyo si Satanas sa pamamagitan ng Salita ng Dios ngunit nagdadala siya ng maling kahulugan dahil alam ni Satanas kung paano baluktutin ang mga kasulatan.

Si Satanas bilang tagahusga ng mga kapatid ay maaari ring gumamit ng ilang tao upang magdala ng paratang laban sa ilang kapatid sa loob ng simbahan. Ngunit itinuturo sa atin ng Salita ng Dios kung paano iwasan iyon at kung paano harapin ang mga paratang. **“Ito ang ikatlo na ako'y paririyang sa inyo. Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita.”** (2 Corinto 13:1 KJV) kaya dapat may dalawa o tatlong tao na nandiyan bilang mga saksi. Sinasabi rin sa Mateo 18:15-17 ang mga sumusunod: **“15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa simbahan: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis.”**

Natuto tayo mula sa Salita ng Dios na kung may nagkasala at natuklasan mo iyon, kailangan mo siyang harapin. Ngunit kung ayaw niyang makinig sa iyo, kailangan mong isama ang iba pang espiritwal na kapatid at sa huli ang simbahan. Itinuturo rin sa atin ng Salita ng Dios ang mga sumusunod: **“19 Laban sa matanda ay huwag kang tatanggap ng sumbong, maliban sa dalawa o tatlong saksi.”** (1 Timoteo 5:19 KJV) Huwag pansinin ang paratang laban sa isang manggagawa kung hindi dalawa o tatlong tao ang nagbigay-alam sa iyo tungkol dito; dapat may matibay kang dahilan para harapin ang lumabag; hindi mo puwedeng akuin ang sinuman kung wala kang totoong ebidensya.

Sa aking Mahal at Minamahal: Maging maingat at alerto. Ang diyablo ay tuso, malisyoso, at gustong wasakin ka. Magtiwala nang lubos sa Dios at sa Kanyang Salita. Sundin nang maingat ang lahat ng utos ng Dios. Huwag lumabag sa anumang batas at huwag mabiktima ng anumang tukso mula sa diyablo. Kaya, **“7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo.”** (Santiago 4:7 KJV) Magpakumbaba ka at hilingin sa Dios na bigyan ka ng Karunungan Makalangit. Tanggihan ang diyablo, gawin ang kalooban ng Dios at ang Kanyang plano sa buhay mo, at tatakas sa'yo ang diyablo. * Itinuturo sa iyo ng Salita ng Dios ang mga paraan ni Satanas at kung paano niya sinusubukang sirain ka at ang gawa ng Dios. Kaya mag-ingat ka sa naririnig mo, at gamitin ang utak mo para suriin bago magsalita at kumilos. Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagtuturo sa akin nang higit tungkol sa mga panukala ng diyablo at kung paano labanan ang diyablo at iwasang mahulog sa kanyang mga tukso. Panginoon, salamat sa lahat ng iyong mga pagpapala sa akin at sa lahat ng mga kababalaghan at himala na ginagawa mo sa aking buhay at sa

lahat ng iyong pagliligtas sa akin mula sa mga masasama. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, mga pagtutuwid, mga pangungutya at mga paalala na natanggap namin sa mensaheng ito.

Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong pagsuway, ang iyong pagdududa sa Salita ng Dios at ang kakulangan ng pananampalataya at tiwala sa Dios. Magsisi sa iyong katigasan ng ulo at sa iyong pagkaantala sa pagsunod. Magsisi sa iyong kayabangan, pagyayabang at pagpapakita. Magsisi sa iyong emosyonal at hangal na pag-ibig. Magsisi sa pagsunod sa mga makalupang gawi at panggagaya sa mga tao at pagsusuko sa Salita ng Dios. Magsisi sa iyong makamundong, sensuwal at mapanlinlang na karunungan. Magsisi sa iyong galit at hindi pagpapatawad sa iba na nagsisi na sa kanilang mga kasalanan. Magsisi sa iyong inggit at selos, kasakiman, iyong kamunduhan at pagmamahal sa materyal na bagay. Magsisi sa iyong pagsisinungaling, tsismis, paninirang-puri, maling pag-akusa sa iba, pandaraya, pagnanakaw, pakikipagtalik sa labas ng kasal, pakikiapid, imoralidad at iba pang gawa ng laman. Magsisi sa paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Magsisi sa iyong pakikisam sa mga hindi mananampalataya, kaibigan at sa pag-aaksaya ng oras sa Media, laro at Balita. Magsisi sa kakulangan ng panalangin at pagbabasa ng iyong Bibliya. Magsisi sa iyong hindi kahandaang magsalita ng Salita ng Dios at ipahayag ang Kanyang kalooban. Magsisi sa iyong hindi kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, nagsisisi ako, patawarin mo ako, tinatalikuran ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, nagpapakumbaba ako sa iyong mga kamay. Gawin mo akong mas mapagmatyag upang maunawaan at maiwasan ang mga plano ng diyablo. Panginoon, hinihiling ko sa iyo na bigyan mo ako ng iyong makalangit na karunungan at pagpipigil sa sarili upang labanan ang diyablo at ang kanyang mga tukso. Nilalabanan ko ang lahat ng mga plano ng diyablo at itinataboy ko ito mula sa aking buhay at ministeryo sa pangalan ni Jesus. Panginoon, bigyan mo ako ng kakayahang makilala ang tama at ituro mo sa akin nang higit pa; patnubayan mo at ipagkaloob ang iyong proteksyon laban sa mga plano ni Satanas at ituro mo kung paano ko ito lalabanan. Panginoon, alisin mo ang anumang masamang pagnanasa at linisin ang aking buhay at gawing kaaya-aya sa yo. Panginoon, inaalay ko ang aking sarili na mamuhay sa kabanalan at malayo sa kasalanan. Panginoon, pagpalain mo ang aking ministeryo at gawing mas mabunga at epektibo ang aking paglilingkod sa iyo. Panginoon, protektahan mo ako, iligtas sa mga masasama, at ibigay ang lahat ng aking pangangailangan. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang sundin ang mabuting plano na inihanda mo para sa kanila. Panginoon, linisin mo sila sa lahat ng kanilang damdamin at sa lahat ng pinanghahawakan na ginamit ng diyablo sa kanilang buhay. Ginagapos ko ang lahat ng gawa ni Satanas at mga demonyo sa kanilang buhay at itinataboy sila sa pangalan ni Jesus. Panginoon, protektahan mo sila, iligtas mula sa mga masasama, ipagkaloob sa kanila ang kanilang pangangailangan at gawin ang kanilang buhay na mabuting patotoo sa iba upang sundan ka. Panginoon, gamitin mo sila upang maglingkod sa iyo at gawing mabunga at epektibo ang kanilang ministeryo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, gabayan mo kami ng iyong Banal na Espiritu sa iyong mga daan upang maisakatuparan ang ministeryo na nais mong gawin namin para sa iyo. Panginoon, iniaalay namin ang aming sarili upang makamit ito. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu, at gabayan kami upang mag-evangelio at maabot ang mga bagong tao at maglingkod sa kanila, upang makagawa ng bagong alagad at magturo ng bagong manggagawa, magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang sumama sa iyo kapag dumating ka. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan sa tubig at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com